

OUR MELBOURNE YOUR AIRPORT

MELBOURNE AIRPORT

Maligayang pagbati mula sa aming regular na newsletter ng komunidad na magbibigay-alam sa inyo tungkol sa mga operasyon at proyekto ng Melbourne Airport, mga plano para sa runway, mga oportunidad sa paliparan, at iba pang mga kaugnay na balita.

Malugod naming tinatanggap ang inyong mga komento tungkol sa mga bagay na mahalaga sa inyo.

Naaprubahan na ang Ikatlong Runway

Malugod na tinatanggap ng Melbourne Airport ang pag-apruba ng Pederal na Pamahalaan sa nakaplanong ikatlong runway, na magdudulot ng kinakailangang kapasidad sa imprastruktura ng aviation para sa Victoria, tutulong sa paglikha ng libu-libong trabaho para sa mga taga-Victoria, at magbibigay ng mas maraming pagpipilian para sa mga pasahero at mga tagapagluwas.

Inaprubahan na ng Ministro para sa Imprastruktura, Transportasyon, Panrehiyong Pag-unlad at Lokal na

Pamahalaan ang Major Development Plan para sa proyekto noong nakaraang buwan, na nagbigay-daan para masimulan ang detalyadong disenyo at konstruksiyon.

Ang pag-apruba ay kasunod ng 104 na araw ng pakikipag-konsultasyon sa komunidad noong 2022 at isang malawakang pagsusuri sa mga benepisyo at epekto ng proyekto.

Ang 3,000-metrong runway ay itatayo nang parallel at 1.3 kilometro mula sa kanluran ng kasalukuyang north-south

runway, kasama ang mga bagong taxiway at iba pang kinakailangang imprastruktura.

Kapag binuksan ito sa 2031, ang parallel runway system ay magbibigay-daan sa sabayang pag-take off at pag-landing, na tutugon sa lumalaking demand para sa kargamento at pasahero, mababawasan ang mga pagkaantala, susuportahan ang kumpetisyon, at magbibigay sa mga kasalukuyan at bagong airline ng kinakailangang imprastruktura para lumago.

Tumutulong ang komunidad sa paghubog ng pag-apruba.

Ang ikatlong runway ng Melbourne Airport ay maghahatid ng mga trabaho at magpapaunlad sa ekonomiya ng Victoria, at magbibigay na rin ng iba pang mahahalagang oportunidad, lalo na para sa mga nakatira sa hilaga at kanluran ng Melbourne.

Nagtatagala ang Pederal na Pamahalaan ng mga kondisyon para sa proyekto bilang pagtugon sa mga komento ng komunidad.

Magtatatag ang Melbourne Airport ng isang komprehensibong programa para pababain ang ingay na sasaklaw sa mga residensyal na tirahan, pasilidad ng pangangalaga sa mga bata, at mga institusyong pang-edukasyon na pinaka-apektado sa ingay ng mga eroplano mula sa ikatlong runway, lalo na sa paligid ng Keilor at Bulla.

Ang programa ay nangangailangan ng masusing pananaliksik at ito ay bubuuin sa loob ng susunod na dalawang taon kasama ang komunidad, mga lokal na konseho, at mga ahensya ng pamahalaan.

Makikipag-ugnayan kami sa mga naapektuhan ng mga planong ito sa mga susunod na buwan upang planuhin ang mga susunod na hakbang.


Ibabalik ang haba ng kasalukuyang east-west runway upang lubusin ang pagkakataon para sa pantay-pantay na pamamahagi ng ingay (noise sharing) kapag binuksan ang ikatlong runway. Ito ay kasangkutan ng pagbuo ng isang bagong Major Development Plan para sa 'Eastern Extension Project' at pag-konsulta sa publiko tungkol sa proyekto sa 2026.

Magsasagawa rin ang Melbourne Airport ng isang pangmatagalang pag-aaral tungkol sa mga pangkalusugang epekto ng ingay ng eroplano sa komunidad sa mga lugar na nakapaligid sa paliparan. Ang mga detalye ng pag-aaral ay bubuuin sa tulong ng Melbourne Airport Community Aviation Consultation Group at isasagawa ito nang independiyente.



Pagbuo ng mga bagong ruta ng paglipad (new flight paths)

Nakaikedyul na magbukas ang ikatlong runway sa 2031. Ang pagbuo ng bagong runway ay mangangailangan ng mga pagbabago sa airspace ng Melbourne, kabilang ang mga bagong ruta at binagong mga ruta ng paglipad. Ang mga unang disenyo na ibinahagi sa inapubahang Major Development Plan para sa ikatlong runway ay gagawin pang mas detalyado at pino. Ang prosesong ito ay isasagawa sa pakikipagtulungan sa Airservices Australia sa susunod na dalawang taon at magkakaroon ng masusing konsultasyon sa publiko upang matiyak na ang mga komento ng komunidad ay matutugunan.



May tanong ka ba?

Kung mayroon kayong tanong tungkol sa bagong proyekto ng runway, mangyaring mag-email sa newrunway@melair.com.au o makipag-ugnayan sa amin sa (03) 9297 1597.

Magkakaroon ng konsultasyon sa komunidad sa buong proseso ng proyekto.

I-scan ang QR code para sa mga detalye kung saan mo kami makakausap nang personal.



2024

2025

2026

2027

2029

2030

2031

2032

Naaprubahan na ang runway

Ang mga paunang gawain ay magsisimula

Pagpapa-husay pa ng noise sharing at konsepto ng airspace

Ang mga pangunahing gawain sa konstruksyon ay magsisimula

Na-finalize na ang pagpapalano ng noise amelioration program

Ang detalyadong disenyo ng airspace ay magsisimula

Na-finalize na ang detalyadong disenyo ng airspace

Kahandaan sa operasyon at pagsubok

Pagbukas ng runway

Kumpleto na ang lahat ng gawain.

Gusto mo bang magtrabaho sa Melbourne Airport?

Kamakailan ay iginawad ang Best Airport sa rehiyon ng Australia/Pacific sa Skytrax awards, ang Melbourne Airport team ay lumalaki habang tumataas ang pangangailangan para sa mga pasahero at kargamento. I-scan ang QR code para sa listahan ng mga kasalukuyang inaalok na trabaho sa Melbourne Airport at sa paligid nito.





Mga numero ng pasahero para sa Hulyo 2023 hanggang Hunyo 2024

Kabuuang pasahero (hindi kasama ang mga transit)

35,127,967 ⬆️14.1% kumpara sa FY23

Mga domestic na pasahero

24,091,510 ⬆️7.1% kumpara sa FY23

Mga internasyonal na pasahero

11,036,457 ⬆️33% kumpara sa FY23

Magbigay ng iyong opinyon tungkol sa Elite Park

Naglabas ang Melbourne Airport ng Paunang Draft ng Major Development Plan para sa komersyal na pag-unlad ng 'Elite Park'.

Ang 32-hectare na lugar, na matatagpuan sa pagitan ng Tullamarine Freeway at Airport Drive, ay inaasahang magbibigay ng 2,140 na trabaho sa iba't ibang industriya, na karamihan ay mapupunan ng mga tao mula sa mga kalapit na komunidad.

Ang konsultasyon sa publiko ay magtatagal hanggang sa Biyernes, ika-20 ng Disyembre. Maaaring isumite ang mga nakasulat na komento sa pamamagitan ng:

Email: community@melair.com.au

Post: The Head of Master Planning
Melbourne Airport
Locked Bag 16
Tullamarine, 3043



Ang karagdagang mga detalye tungkol sa Elite Park at sa Preliminary Draft Major Development Plan ay makukuha sa pamamagitan ng pag-scan sa QR code sa itaas.

Pamumuhunan sa ating mga kabataan

Ipinagmamalaki ng Melbourne Airport ang paglagda sa limang-taong mga kasunduan ng pagtutulungan upang suportahan ang Western Chances at Banksia Gardens at ang mahahalagang gawain nila para sa mga kabataan sa hilaga at kanluran ng Melbourne.

Pinatitibay nito ang matagal nang ugnayan ng Melbourne Airport sa dalawang organisasyon at nagbibigay-daan upang ipagpatuloy nila ang pagsuporta sa mga bata at kabataan na malampasan ang mga hadlang sa edukasyon.

Pagpapabuti ng pag-access

Nakikipagtulungan ang Melbourne Airport sa Travellers Aid para masubukan ang mga nakalaang terminal mobility hub upang tulungan ang mga manlalakbay na nangangailangan ng alalay sa pagpunta sa mga drop-off at pick-up zone, pati na rin sa mga lugar ng check-in, baggage claim, at gate.

Ang apat na buwang pagsubok ay tatakbo mula Lunes hanggang Biyernes sa 10am hanggang 6pm at mag-aalok ng mga sumusunod na libreng serbisyo:

- maa-access na impormasyon upang makatulong sa pag-navigate at pag-unawa sa paliparan
- mga buggy transfer mula sa T4 ground transport hub (kabilang ang parking lot, PTV bus service, taxi rank at Uber) patungo sa lahat ng terminal, na may mga wheelchair connection sa lahat ng lugar ng airline check-in at departure.
- mga wheelchair transfer mula sa mga hub na matatagpuan sa baggage claim ng Virgin Australia at Qantas patungo sa Skybus, taxi o Uber
- mga sensory pack upang mapakalma ang mga nababahalang pasahero at mga communication board para sa mga hindi nakakapagsalitang manlalakbay
- Hidden Disability Sunflower Program na mga lanyard at impormasyon.



